
# HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. V No. 21 | April 26-May 2,2021 | P 10.00 | ISSN No.: 2672-3034




Mayor Lani M. Revilla
*Bacoor, Cavite*

# DTI-4A INKS MOA WITH DLSU-DASMARIÑAS FOR AN INNOVATION LABORATORY




To continuously improve the competitiveness of the micro, small, and medium enterprises (MSMEs) in the region, the Department of Trade and Industry (DTI) – Region 4A signed a Memorandum of Agreement (MOA) with the De La Salle University – Dasmariñas (DLSU-D) for the establishment of the Shared Service Facility (SSF) for an Innovation Laboratory (InnoLab), a P24M project, on 8 April 2021 **(cont. P.4)**

## GOV. JONVIC REMULLA, NAGPA-VACCINE NA LABAN SA COVID-19



Sa Facebook live ni Gov. Jonvic Remulla ngayong Biyernes, Abril 16, 2021 ay ipinakita ni Gov. Remulla ang pagpapaturok nito ng COVID-19 vaccine.

"Huwag ho kayo matakot dito sa vaccine. Ito po ay proven effective, proven reliable at number 1 proven na makakatigil ng COVID-19." pahayag ni Remulla sa kaniyang live video.




## Child marriage ipagbabawal...

Sakaling maaprubahan ang House Bill 1846, bawal na ang maagang pag-aasawa ng mga menor de edad o ' child marriage' at maituturing itong isang uri ng krimen at pananagutin sa batas ang mga magulang at guardian na mamimilit sa mga menor de edad na mag-asawa ng maaga.

Ayon sa tala ng UN Population Fund, karamihan sa mga babaeng nag-aasawa ng maaga ay nakararanas ng paulit-ulit na pagbubuntis bago pa man sila maging physically matured at matutunan ang 'responsible parenthood'.

Samantala, ang mga batang ina ay doble ang posibilidad na mamatay **(cont. P.7)**

## IMUS LGU, NAMAHAGI NG MEDICINE KITS SA COVID-19 PATIENTS

Bilang karagdagang tulong, namahagi ang lokal na pamahalaan ng Imus ng mga medicine kits sa mga COVID-19 patients na nasa Ospital ng Imus.

Sa pamamagitan ng isang Facebook post, ibinahagi ni Imus City Vice Mayor Ony Cantimbuhan ang kanilang naging pagbisita at pagbibigay tulong ni Mayor Emmanuel Maliksi.



Aniya, "Ngayong araw po ay nakasama natin si Mayor Emmanuel Maliksi upang pesonal na ipamahagi ang mga medicine kits sa COVID-19 patients sa Ospital ng **(cont. P.6)**

ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09460039850 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com

# Renewal fee ng prangkisa ng mga tricycle drivers, sagot na ng Kawit LGU



Ibinahagi ng lokal na pamahalaan ng Kawit, Cavite ang kanilang pagtulong sa mga tricycle drivers sa pagbabayad ng kanilang franchise renewal fees upang mabawasan kahit papaano ang naidulot ng pandemiya sa kanilang hanapbuhay nitong Martes, Abril 20.

Nagsagawa ng pagpupulong ang Tricycle Operators at Drivers' Association (TODA), kasama si Kawit Mayor Angelo G. Aguinaldo upang pag-usapan ang pagbibigay ng tulong ukol sa kanilang mga prangkisa.

Sinabi ni Aguinaldo sa kaniyang Facebook post, na isa ang mga drivers sa mga naapektuhan ng pandemiya simula noong nakaraang taon dahil sa limitadong operasyon at restriksyon na ipinapatupad alinsunod sa health standards ng bansa.

Samantala, wala pa namang opisyal na tugon ang naturang lokal na pamahalaan hinggil sa pagbabalik ng franchise renewal fees sa mga tricycle drivers na nauna nang nakapagbayad at nakapag-renew ng kanilang prangkisa.

# Extended na deadline ng SSS contribution remittance, aprubado na

Idineklara na ng Social Security System (SSS) ang extended na deadline ng remmitance contribution na tatagal ng isang buwan o hanggang sa katapusan ng Abril para sa mga lugar na apektado ng pandemya, Biyernes, Abril 16.

Ayon kay SSS President at Chief Executive Aurora Ignacio, extended na umano ang deadline kung saan kabilang ang mga empleyado ng Maynila at iba pang mga miyembro na mula sa NCR Plus na mga probinsiya, tulad ng Bulacan, Cavite, Laguna at Rizal.

Nakatakda na sanang maipadala ang mga kontribusyon mula noong Pebrero sa SSS nitong Marso 31, ngunit dahil sa umiiral na enhanced community quarantine (ECQ) sa mga nasabing probinsiya ay minabuti na lamang na ipagpaliban muna ang nasabing transaksyon para sa kaligtasan ng lahat.

Pinayagan na rin ni Ignacio ang mga employer na nagbayad ng mga kontribusyon sa mga installment na magdeposito hanggang sa Abril 30 ng kanilang mga tseke na nakatakda nilang mabayaran nitong Marso.

Simula noong Enero, ang pondo ng pensiyon ng bansa ay nakakolekta ng isang mataas na monthly rate na may kontribusyon na 13%, na iniutos alinsunod sa SSS amended charter.

Samantala, dahil sa pandemiya, halos unti-unting nagsara ang ilan sa mga kompanya na bunga rin ng pagtaas ng unemployment rate sa bansa, kung saan bumaba sa halos 7.1 porsyento o katumbas ng P204.75 bilyon ang nakolektang kontribusiyon ng ahensiya noong nakaraang taon dahil sa 1.5 milyong bilang ng miyembro ng ahensiya na hindi nakapagbayad ng kanilang kontribusiyon dahil sa kawalan ng trabaho.

Sinabi ni Acting Socioeconomic Planning Secretary Karl Kendrick Chua, sa isang briefing kasama ng Pangulong Presidente, na ang dalawang linggong lockdown at ang umiiral na mas pinababang quarantine level sa mga probinsiya sa NCR ay posibleng nagkakahalaga ng P83.3 bilyon mula sa mga sahod ng dating manggagawa, na binubuo ng halos kalahati ng ekonomiya.

Gayunpaman, sinabi ni Chua, na kinilala bilang namumuno sa National Economic and Development Authority (NEDA) planning agency, na inaasahan ng pamahalaan na mabawasan ang unemployment rate ng bansa mula sa 8.8 porsyento na naitala nitong Pebrero hanngang sa 4-5 porsyento sa susunod na taon.



MAKATANG KABITENYO
DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE
MAKATANG KABITENYO 1999
F&A.M LINCOLN LODGE # 34
DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)
DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA

## Ang Emosyon

1. Emosyon ng tao'y hindi ang sarili,
Ang katawan lamang ang dating sinabi,
Na sariling tunay sabi ng marami,
At ito ay mali sa tamang pagmuni.

2. Kung gayon ay ano ang ating emosyon?
Emosyon ay isang kasangkapang ampon,
Upang mapabilis pagkuha ng dunong,
Kung isipan lamang ay kulang sa gayon.

3. Dahil sa emosyon o ating damdamin,
Isipan bibilis sa kanyang Gawain,
Pag nangungulila'y bibilis ang tulin
Upang mabalikan ang kasuyong giliw.

4. Gamit sa emosyon ay pagpapabilis,
Sa inggles ang tawag dito ay catalyst,
Damdaming masaya ay magandang ugit,
Dagling mapagaling ang isang may sakit.

5. Emosyon ang gamit nitong mga pintor,
Upang mga kulay kanilang matunton,
At maipakita ang gandang naroon,
Kung walang emosyon, putla ang tagsibol,

6. Emosyon ang gamit sa pagmamadali
Upang makatuklas ng gamot-pamawi
Nitong mga kirotsa bawa't sandal,
Kaya itong gamot kay daling napili.

7. Emosyon ang gamit nitong kompositor,
Upang ang musika'y gumanda nang sukdol,
Ang banayad nitong himig ay tumurol,
Sa taong nakinig, at hanga'y sumibol.

8. Talakayin natin naman ang kasunod,
tawag ay isipan sa lahat ng sulok,
ating lilimiin ang mabuting dulot,
para maunawa kasangkapang angkop.

Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZERY

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**DR. SONNY ANARNA**
MANAGING EDITOR

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**MARICAR D. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**GRETHSEL B. LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILS, INC.
papi

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00

# 1-day voluntary vaccination drive para sa senior citizens, gagawin sa Silang Cavite

Batay sa pinakabagong pabatid ni Cavite Governor Jonvic Remulla, plano ng pamahalaang panlalawigan na magkaroon ng isang araw na voluntary vaccination drive para sa mga senior citizens.

Aniya, batay sa huling survey ay nasa 65% ng mga mamamayan ang ayaw magpabakuna at karamihan sa mga ito ay seniors.

"Kaya ako po ay nakipag-ugnayan kay Sec. Galvez at siya ay nangako na parating na ang allocation para sa mga Senior Citizens dito sa Cavite. Ang nakarehistro ngayon sa Office of Senior Citizens Affairs ng lalawigan ay 348,000. Kapag hindi ninyo gamitin ang pagkakataon na ito ay tiyak na pagsisisi ang aabutin. Hindi biro ang COVID-19," saad ni Remulla.

Matapos nito ay ipinaliwanag niya ang voluntary vaccination

(cont. P.6)

# Distribusyon ng cash assistance para sa NCR plus, extended hanggang Mayo

Inanunsyo na ng Department of Interior and Local Government (DILG) ang extended na distribusyon ng ayuda sa apat na probinsiyang kabilang sa NCR Plus hanggang Mayo 15, ayon sa ulat nitong Martes, Abril 20.

Ayon kay DILG Undersecretary at spokesperson na si Jonathan Malaya, aprubado ito ng DILG Secretary na si Eduardo M. Ano, Department of Social Welfare and Development (DSWD) na si Secretary Rolando Bautista at Department of National Defense (DND) na si Secretary Delfin Lorenzana sa isang pagpupulong kasama ang Metro Manila Development Authority (MMDA) chairman na si Benhur Abalos at iba pang alkalde ng Maynila nitong Abril 18.

"This extension is a 'one-time' extension only across all LGUs in NCR (National Capital Region)-plus (Metro Manila, Bulacan, Cavite, Laguna and Rizal) and will no longer be extended anew," ayon kay Malaya.

Sinabi niya na ang request ng mga lokal na pamahalaan ay pinahintulutan na ng tatlong ahensiya ng pamahalaan upang masiguro ang kaligtasan ng mga benepisyaryo ng programa.

"It is very challenging to do distribution during a pandemic. Our LGUs cannot go full blast given the grave threat of COVID-19 (coronavirus disease-2019) so their request for more time is justified," aniya.


Dagdag pa niya, dahil sa extended na distribusyon ng ayuda sa mga probinsiya, inaasahan ng departamento na magiging sapat na umano ang kanilang inirekomendang panahon upang maisagawa ang kaniya-kaniyang pamamaraan ng pamamahagi ng ayuda, na maaaring house-to-house, automated financial system o mayroong itinalagang lugar para sa pamamahagi.

Bukod rito, mabibigyan rin ng kaukulang panahon ang mga lokal na pamahalaan na bigyan ng pansin at dinggin ang mga reklamo at hinaing ng mga benepisyaryong lalapit sa kani-kanilang Grievance desk at Appeals Committee, kung saan mahigit isang daan na ang naitalang apela na isinumite ng mga mamamayan, na nakatakda namang suriin ng mga LGUs sa lalawigan.

Samantala, pinuri naman ng DILG ang mga overtime workers ng LGU na matagumpay na naisakatuparan ang programa ng pamamahagi ng ayuda mula sa pamahalaang nasyunal.

Sa Metro Manila, mayroon nang 51.64 na porsyento o katumabas ng isa sa dalawang tao na ang nabigyan ng ayuda mula sa P5.79 bilyong halaga ng tulong pinansyal na naibahagi sa 5, 769, 852 na mga benepisyaryo mula sa 17 lokal na pamahalaan ng Maynila nitong Abril 19.

"A total of P5.7 billion out of the P11.1 billion released to NCR LGUs have been received by their constituents as of yesterday (April 19). Data is still being compiled from the provinces of Bulacan, Laguna, Rizal and Cavite," base sa ulat ng DILG.



*Makikita sa larawan si Ginoong Michael Ilano sa ilalim ng pamumuno ni City Administrator Jose Elmer "Emoy" Francisco. isa siya sa mga tumatanggap ng mga tawag na nauukol sa mga katanungan sa Ayudang Maliksi Portal, kasama ang buong admin staff sa pagtugon/pagbigay solusyon, para sa pagnanais ni Mayor Emmanuel Maliksi na mabigyan lahat ng residente ng Imus, botante man o hindi, mahirap man o mayaman.*

*Ipinahiram sa kanila ang bahagi ng Imus City Library sa pamumuno ni Gng. Rose Roman para sa gawaing nabanggit.*

PhilHealth Regional Office IVA
**ADVISORY**
No. 2021 - 011

PhilHealth
Your Partner in Health

UNIVERSAL HEALTH CARE

**Paggamit ng Online Transaction sa Nasasakupan ng PhilHealth Regional Office IVA**

Dahil sa patuloy na banta ng COVID-19 at upang makaiwas sa posibleng pagkalat ng virus, hinihikayat ng PRO IVA ang mga miyembro na gumamit ng PhilHealth Online Facility.

Kaugnay po nito, pansamantalang lilimitahan muna ang pagtanggap ng walk-in transaksyon sa Membership tulad ng pagpapa-miyembro, updating at pagkuha ng personal na record- ID at Member Data Record (MDR).

Para sa online viewing ng MDR at kontribusyon, pumunta sa PhilHealth website: www.philhealth.gov.ph I-click ang online services, member portal at mag register/create ng account. Siguraduhin po na hawak ang inyong PhilHealth Identification Number (PIN) sapagkat ito ay hihingin sa inyong pag-log-in sa naturang online facility.

Samantalang ang link para sa Registration at Updating ng Records ng indibidwal na miyembero ay: **bit.ly/PROIVAOnlineRequest**

By the Authority of the
Acting Regional Vice President Arlan M. Granali:

**BENJIE A. CUVINAR**
Division Chief IV, MSD

*Pagbati Mula kina:*



**Mayor Ony Ferrer**
*Gen. Trias, Cavite*



**Cong. Jonjon Ferrer**
*Gen. Trias, 6th Dist. of Cavite*



Mayor Jose Voltaire Ricafrente
*Rosario, Cavite*

# ROSARIO,
## BAYANG TAHIMIK, MASAYA AT MAUNLAD

# DTI-4A inks MOA with DLSU-Dasmariñas...

(from p. 1)

via Zoom platform.

Innovation or Fabrication Laboratories are hubs that enable the transformation of digital designs into solid prototypes made possible through advanced technology. To be located at the College of Engineering, Architecture, and Technology Center of Innovation (CCOI) of DLSU-D, the SSF is set to cater to research units of the college, MSMEs, industry and community partners, and enthusiasts of digital design and fabrication.

The CCOI is a startup project whose main purpose is to help industry partners and other partner communities solve problems associated with launching other startup projects by providing a space to work, mentoring, training, and other benefits.

Included in the services of the SSF are metal and carbon fiber printing, large-scale Computer Numerical Control (CNC) milling, laser cutting, engraving, and scanning—all equipped with three-dimensional (3D) modeling and design software.

"Innolab is the 29th SSF to be launched by DTI-Cavite and is considered their most advanced project," said DTI OIC Provincial Director Revelyn A. Cortez.

According to DTI-Region 4A Regional Director Marilou Q. Toledo, "The FabLab is 4th in the CALABARZON Region and is expected to accelerate the process of product research and development through innovation and digitalization."

Undersecretary Blesila A. Lantayona, on the other hand, emphasized the urgent need for MSMEs to have access to technology to replace outdated packaging design, tools, and equipment.

University Advancement Office Director Marco Polo also cited the Philippines' big leap in the Global Innovation Index as it rose to the 50th rank among 131 countries. The consistent progress of the Philippines is evident in the four notches jump from being in 54th place in 2019 and 23 steps growth from 73rd place in 2018.

With a steady implementation of SSF projects like InnoLabs, MSMEs are expected to engage in more revolutionary projects, taking advantage of the lab's free access and advanced technological capabilities, and contributing to the consistent performance of the country in terms of innovation

# Ayuda para sa mga college students, ipamamahagi sa Cavite City

Inanunsyo ng lokal na pamahalaan ng Cavite City, ang programang "Tulong Pinansyal para sa Edukasyon sa panahon ng Pandemya" para sa mga mag-aaral sa kolehiyo sa kanilang bayan.

Layunin ng naturang programa na maibsan ang kahirapan sa pag-aaral ngayong nasa gitna ng pandemya ang buong bansa.

"Ito ay suporta ng pamahalaan sa mga college students na naninirahan sa ating lungsod na lubha ring naapektuhan ng pandemya. Hinihiling na tumungo sa Aksyon Center sa tapat ng San Roque Church dala ang mga sumusunod na requirements at batay sa inyong schedule," saad sa pabatid sa Facebook ng LGU.

"Mahigpit naming ipapatupad ang mga basic health protocols ( pagsusuot ng face mask /shield at social distancing) sa panahon ng registration at pagbibigay ayuda sa unang linggo ng Mayo," dagdag pa nito.

Para sa mga requirements at iba pang detalye ng naturang proyekto maaaring buksan ang link na nasa baba: https://www.facebook.com/CaviteCityOfficialPage/posts/292061989056262. (GOCAVITE)

*Find the worth of the worthless and use it.



# LET THERE BE LIGHT!

By
**ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA**
*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**BULIHAN** - Ang Bulihan, Silang ay lugar kung saan dati ay maraming puno ng buli na pinagkukunan ng matamis na tuba.

# Cavite Rep. Alex 'AA' Advincula, nagpasalamat kay VP Robredo sa mobile swab test

Nagpahatid ng pasasalamat si Cavite Representative Alex Advincula kay Vice President Leni Robredo dahil sa mga serbisyong naipagkaloob ng kaniyang Mobile Swab test sa Imus, Cavite.

Sa pamamagitan ng kaniyang Facebook account, nagpabatid ng mensahe ng pasasalamat si Advincula kay Robredo at sa kanyang mga volunteers para sa kanilang naging pagse-serbisyo sa lugar.

Sinabi niyang tamang-tama ang kanilang ipinagkaloob na serbisyo gayong patuloy pa rin sa pakikipaglaban ang bayan ng Imus sa COVID-19.

Nagpapasalamat rin siya dahil hindi nakalimutan ng Bise-Presidente ang bayan ng Imus, habang tinitiyak naman niya na dahil sa kaniyang naging kontribusyon sa lugar ay hindi rin makakalimot na magpasalamat ang mga mamamayan ng Imus.

"Taos pusong pasasalamat po kay Madam VP Leni Robredo at sa lahat ng kaniyang mga volunteers sa libreng Mobile Swab Test dito sa aming lungsod ng Imus. Sa panahon ng pandemya at patuloy na pagtaas ng COVID cases ngayon sa ating bansa pati sa aming lungsod, very timely at welcome development po ito para sa aming lahat.Hindi po kayo nakalimot Madam VP at kami naman pong mga Imuseño ay mas lalong hindi rin po makakalimot. Maraming salamat po and may God keep you safe and healthy," ayon sa post ni Advincula.



# LGU Imus City inoculates senior citizens thru house to house

IMUS CITY, Cavite -- The city government here commenced the house-to-house inoculation of senior citizens who are not capable of being physically present in the city's vaccination site.

Mayor Emmanuel L. Maliksi together with Vice Mayor Ony Cantimbuhan, City Health Officer Dr. Randy Calingasan and the CHO staff personally visited the houses of identified senior citizens in Barangays Pasong Buaya 2 and Buhay na Tubig on April 22.

Dr. Calingasan administered the CoViD-19 vaccine jab to Danny Felomino and to his 65 year old wife who had been bedridden for four years now after suffering a stroke.

"Katulad kong may pasyente pang inaalagaan, mahirap na sa akin para lumabas kaya mas mabuti ngang magbahay-bahay na lang," Felomino said during his interview by ABS-CBN reporter Dennis Datu.

(cont. P.5)



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA (TWIN BROTHER OF VER)

# HUMANITY TRIVIA

(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)

Metal ship - 1844
Glue - 1850
Chives - Europe
Garlic - Asia
Luya - colds

# Inisyatibo para bawasan ang basura, binigyang diin para sa Earth Day 2021




*Wooden signages para sa Vertical Barrel Garden*



*Vertical Barrel Garden sa EMB 4A*

Calamba City, Laguna - Ang Department of Environment and Natural Resources (DENR) CALABARZON kaakibat ang Environmental Management Bureau (EMB) CALABARZON, ay magpapamigay ng 14 yunit ng vertical barrel garden sa EMB 4A, MGB 4A, at salahat ng Provincial Environment and Natural Resources Office saRehiyon. Ang inisyatibo na ito ay nakalinya sa selebrasyon ng Earth Day 2021 na ipinagdiriwang tuwing 22 Abril 2021. Ang buwan ng Abril ay kinikilala rin bilang Month of the Planet Earth.

Layunin ng inisyatibo na ito ang magkakaroon ng kani-kaniyang barrel garden ang MGB 4A, EMB 4A, at ang PENR Offices ng DENR CALABARZON, para maitaas ang kaalaman ng bawat opisina sa paghihiwalay ng basura, pagkokompost, paghahalaman, at paggamit ng 3Rs. Layunin din nito na mabawasan ang basura na maaaring makapasok sa mga ilog na konektado sa Manila Bay.





*DENR CALABARZON Nature Garden at MRF*

Isa pang inisyatibo ng DENR CALABARZON ay pagsasagawa ng mga lektyur ukol sa Ecological Solid Waste Management of 2000 o ang RA 9003, sa pamamagitan ng Manila Bay Site Coordinating/ Management Office-4 (MBSCMO-4). Ang lektyur na ito ay dinaluhan ng lahat ng dibisyon sa loob ng DENR CALABARZON. Nilalayon ng inisyatibo na ito na maging "refresher course" sa lahat ng empleyado ng ahensya.

Dagdag pa rito ang patuloy na pangangalaga sa nature garden at ang pagtatayo ng Material Recovery Facility (MRF) sa ahensya.

Ayon sa datos ng EMB 4A, sa tulong ng pagkokompost at sa paghihiwalay ng basura, maaaring bumaba mula 4,700 tonelada ng basura ang naiipon sa rehiyon, hanggang 1,291.66 tonelada kada araw.

Hinihikayat ng DENR CALABARZON ang publiko na simulan na rin ang pagtatayo ng eco garden gamit ang mga patapong bagay at nabubulok na basura para sa ikagaganda ng kapaligiran. Maaari rin kayong makipag-ugnayan sa DENR CALABARZON ukol sa pagrequest ng seedlings. Para sa may mga sumbong ukol sa illegal na Gawain na may kaugnayan sa kalikasan ay maaaring tumawag o magbigay ng mensahe sa 8888 hotline numero 09561825774/ 09198744369. Ang mga retrato, bidyo, at iba pang impormasyon ay maaari ring ipadala sa opisyal na Facebook page ng DENR CALABARZON: https://www.facebook.com/DENR4AOfficial/. ###



**ONWARD FORWARD GEN. TRIAS CITY**

*MAYOR ONY FERRER*

## LGU Imus City...

(from p. 4)

(Like me, I still have a patient being cared for, it's hard for me to get out so it's better to just go from house-to-house,)

Vice Mayor Ony Cantimbuhan explained, "As long as they are sick and it is difficult for them to go out and of course, it is safer that they do not go out. So, we will just go to their house and administer the vaccine."

The house-to-house vaccination is part of the four established measures of the city government under the #BidaAngMayBakuna campaign for its vaccination program aside from the onsite vaccination site at the Ospital ng Imus, the vaccine drive-thru site at Robinson's Place Imus, and the mobile vaccine bus that roams the remote places in the city.

Meanwhile, Mayor Maliksi said the shortage in the supply of the CoViD-19 vaccine from the national government is the main challenge for the continuous conduct of the vaccination program.

"We constantly follow-up with the Department of Health (DOH) for the allocation of CoViD-19 vaccines for our resident priority groups," Maliksi said.

Consequently, the vaccination activities are temporarily suspended due to the full usage of the last batch of the supply of the CoViD-19 vaccines to the city. (PIA, with reports from Emmanuel Maliksi's FB page)

## EDITORIAL

Ang mga problema ng bansa ay may ugat na buhat sa ating pagiging isang bansang naghahangad ng Economic Development nguni't marami sa mga tao ay ugma lamang sa paghahanap buhay at di pa handa sa pagnenegosyo. Ang paglago ng populasyon ay humihila sa mga pondo ng bayan na sa halip na magamit sa inprastruktura ay napapalagay sa dagdag na gastos sa edukasyon, kalusugan at kawanggawa.

Makakaraos din tayo . Ang kailangan lang ay magtulong-tulong tayo sa paglutas ng problema at umagapay sa ating Gobyerno.



## CAVITE HIGHLIGHTS


By:
Yna Palparan Bautista

**The Philippine Independence was proclaimed from the Balcony of Gen. Aguinaldo's house in Kawit on June 12, 1898. There was a brewing controversy when America did not recognize the Independence of the Philippines and gave hints that American colonization was beginning.**

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
VOL.V NO. 21

# REGIONAL HIGHWAY PATROL UNIT IN CALABARZON DONATES BLOOD




Camp Vicente Lim, Calamba City - In partnership with Philippines National Red Cross, the Regional Highway Patrol Unit 4A under its Regional Chief Lt Col Samuel Belmonte conducted a blood donation drive at this camp.

According to Lt Dyne Moreno, RHPU4A's Community Relations Officer, the activity was participated by uniformed and non uniformed personnel of PNP, Marines, Navy, members of FSRAP, FMI and other rider clubs who shared their blood to help extend lives.

133 bags of blood were collected from the able participants.

"I do believe that donating blood is a great effort for it could save lives not only our family members but also other people. If you donate blood, you are a hero to someone who receives your gracious gift of life," Moreno said.

The extracted blood will be deposited at the Philippine Red Cross which will be used to augment blood supply/ deposit of HPG.

## *Imus LGU...* (from p. 1)

Imus. Ang ating ipinamahagi ay naglalaman ng thermometer, Vitamin B, Ascorbic Acid, at Paracetamol at iba pang mga gamot na makatutulong upang pagaanin ang nararamdaman nilang mga sintomas ng COVID-19."

(GOCAVITE)

## *1-day voluntary vaccination drive...* (from p. 2)

drive at kung saan ito magaganap.

"Itong linggo na ito, ako ay may experimento dito sa Silang, Cavite. Magkakaroon kami ng 1-day voluntary vaccination drive sa Barangay Inchican at Tibig para sa mga Senior Citizens," ani Remulla

"Abangan natin ang kalalabasan. Ang hula ko ay 50% sa nakarehistro ang aayaw," pagpapatuloy pa niya.


Paalala pa ng gobernador, "Walang sino man na may kapangyarihan ang puede mamilit na ipabakuna ang kahit sino. It is still a purely voluntary program. All proper protocols shall be observed."

# MARVEL X MINISO AT HOME AND LIVING SALE

MINISO MARVEL SHOP.MINISOPH.COM



**Marvel X Minisostorage boxes are great for organizing your home.**




**Sort out your mail and bills with this Spiderman hanging organizer.**



**Captain America storage bins and two-tier drawer storage box.**



**Let the Marvel Avengers light up your night with this rechargeable LED touch**





**Stay healthy and snack like a hero with Round Bento Box with Anti-Scald Handles**




**Marvel x Miniso wardrobe organizer bags are made of premium fabrics that are sturdy and stackable.**



**Captain America foldable basket organizer.**



**Enjoy summer coolers with Stainless Steel Tumbler with Straw.**




**Collect these Marvel "I AM A HERO" frames.**



**Marvel Avengers Assemble Wall Clock**

Superhero fans will be happy to know that Japanese fast fashion brand Miniso has collaborated with Marvel, addingand bringing a touch of comic design and heroic style to everyday life. Better still, shoppers can enjoy up to 50% discounts on Marvel Home items at Miniso's Home and Living Sale, which is ongoing until May 02.

Organize your home with the latest Marvel x Miniso wardrobe and storage solutions- from large bins to store toys and clothes; to storage boxes that breathable, dust-proof, and foldable. Wardrobe organizers and storage drawers, on the other hand, areperfect space-saving solutions.

Create your own Marvel Avengersnook at home by hanging stylish wall clocks and a collage of your Marvel superheroes. There are also fun tumblers and bento boxes for healthy snacking with your favorite hero.

Shop instore or online via shop.minisoph.com. For more updates, follow MinisoPhilippines in Facebook andMiniso PH in Instagram.**(KCHT)**

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY



# THE SPIRIT OF SUMMER AT KULTURA



A sunburst of summer colors highlight this short smocked dress with tropical leaves designs and beaded halter tie strap.



Kultura's printed palazzo pants worn with a white tank top is perfect for lounging at home and running errands as well.



Get summer ready with comfy, breezy loungewear like this Tropiko wrap pants with exotic tropical prints.



Smock dress with ethnic inspired blue and white prints.



Cool and casual white linen top with sea turtle print.



The spirit of summer: wrap pants with pompom trimmings, crochet top.



Black linen shirt with Aztec print.



Crisp white linen top with Aztec prints.



Fatigue short sleeved linen shirt with Aztec print.

While travelling to your dream destination is currently on hold, you can still add a bit of sunshine to your wardrobe with Kultura's summer collection.

Capture the spirit of summer with the perfect sundress –pretty smock dresses, breezy umbrella dresses – in exotic tropical prints and colors that highlight everything bright and beautiful. There are also ethnic inspired wrap pants worn with tank tops that make stylish statements.

For men, there are linen tops ingraphic prints and Aztec designs-that will keep them cool and casual during sizzling summer days.

Perfect for lounging at home, taking time out at the family farm, or shopping for essentials in the city, theLoungewear collection is available at Kultura Stores. You can also shop thru our website: www.kulturafilipino.com or thru Call to Deliver 09175174096. Kultura ships here and abroad. **(KCHT)**

## Child marriage... (from p. 1)

sa pagbubuntis o magkaroon ng komplikasyon at dalawang beses din delikadong masawi ang kanilang mga sanggol.

Itinakda ng Family Code of tha Philippines na ang legal age of marriage ay 18 taong gulang subalit exempted dito o hindi sakop ang mga Muslim minors.

Sa datos ng UN Children's Fund, 15 porsiyento ng mga babaeng Filipino na edad 20 hanggang 24 ay naka-pag-asawa na bago pa man sila tumuntong sa edad na 18.

**Marra Villegas**

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Balimbing bilang halamang gamot



*Scientific name: Averrhoa carambola Linn.; Averrhoa pentandra Blanco*
*Common name: Balimbing (Tagalog); Carambola (Espanyol); Star Fruit (Ingles)*

Ang balimbing ay isang karaniwang halaman na tumutubo sa mga bansang nasa rehiyong topiko. Tumutubo ang maliit nitong puto sa buong kapuluan ng Pilipinas. Pinaka kilala ang bunga nito na may mala-bituing hugis at kakaibang lasa.

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Balimbing?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang balimbing ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang mga dahon at bunga ng balimbing ay may taglay na saponins, alkaloids, flavonoids at tannins

Ang buto naman ng balimbing ay makukuhanan ng alkaloid, harmaline, at C13H14N20.

Ang bunga ng balimbing ay kilala ring mapagkukunan ng iron at Vitamin B at C. Mayaman din ito sa oxalate at potassium

**Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

**Dahon.** Ang dahon ng balimbing ay kadalasang pinapakuluan at pinapainom sa pasyente. Maaari din itong dikdikin at ipantapal sa balat para sa ilang mga kondisyon.

**Bulaklak.** Ang bulaklak ay pinapakuluan din at iniinom ang pinaglagaan para sa ilang mga kondisyon sa katawan.

**Bunga.** Ang bunga ng balimbing ay maaaring kainin mismo, o katasan upang mainom ang juice. Maaari rin itong pakuluan at ipa-inom sa pasyente.

**Buto.** Ang buto naman ay dinudurog at pinupulbos at inihahalo sa inumin upang ipanggamot sa ilang mga karamdaman.

Ano ang mga sakit na maaaring magamot ng Balimbing?

1. **Lagnat.** Nakatutulong sa pagpapababa ng lagnat ang pag-inom ng pinaglagaan ng dahon ng balimbing. Maaari ring ipantapal ang dinikdik na dahon sa ilang bahagi ng katawan upang mapababa ang lagnat.
2. **Pananakit ng dibdib (angina).** Pinapainom din ng pinaglagaan ng dahon ng balimbing ang mga taong dumaranas ng pananakit ng dibdib o angina.
3. **Bulate sa tiyan.** Ang pag-inom sa pinakuluan ng bulaklak ng balimbing ay epektibo sa pag-aalis ng bulate sa tiyan.
4. **Pananakit ng ulo**. Inilalagay sa ulo ang dinikdik na dahon ng balimbing upang mabawasan ang pananakit.
5. **Pagsusuka.** Ang pinaglagaan ng dahon at bunga ng balimbing ay makatutulong sa pagtigil ng tuloy-tuloy na pagsusuka.
6. **Iritasyon sa mata.** Ang katas ng bunga ng balimbing ay ipinapatak sa mata kung dumaranas ng iritasyon dito.
7. **Pagkokombulsyon.** Tumtulong sa pagtigil ng panginginig ng kalamnan dulot ng pagkokombulsyon ang pag-inom sa katas ng bunga ng balimbing.
8. **Hika.** Ginagamit sa paggagamot ng sakit na hika ang pag-inom sa dinurog na buto ng balimbing na hinalo sa inumin.
9. **Kakulangan ng potassium sa katawan**. Ang bunga ng balimbing ay may mataas na lebel ng potassium, kung kaya, maaari itong gamitin bilang supplement sa kakulangan ng postassium sa katawan.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

VOL.V NO. 21

# Carmona, kinilala bilang Gold Awardee sa ginanap na Manila Bay virtual awarding




Masayang ibinahagi ni Mayor Roy Loyola na kinilala ang Carmona bilang Cavite Provincial Top Performer (Municipal Level) at Third Place Regional Top Performer (Municipal Level) sa ginanap na Manila Bay Virtual Awarding.

Aniya, "Congratulations, Municipality of Carmona, Cavite! Ikinagagalak ko pong ipaalam sa inyo na binigyang parangal ng DILG IV-A ang ating bayan bilang isa sa TOP PERFORMING CITIES/MUNICIPALITIES sa 2020 Manila Bay Clean-Up, Rehabilitation, and Preservation Program."

Dagdag pa ng alkalde, "Ito po ay bunga ng sama-samang pagkilos ng Lokal na Pamahalaan, mga barangay, at bawat mamamayan upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan sa ating komunidad."

# Tulong puhunan, handog ng Noveleta LGU sa 30 kasapi ng 4p's




Tumanggap ng food carts ang nasa 30 miyembro ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4P's) sa bayan ng Noveleta, Cavite.

Ang tulong puhunan ay parte ng Unlad Noveleta program ng naturang bayan sa pangunguna ng lokal na pamahalaan nito.

Matagumpay na naisagawa ang turn over ceremony ng mga food carts na dinaluhan ni Mayor Dino Chua.


# Pooled testing ng Covid-19 sa Ospital ng Imus, inaprubahan ng RITM-DOH

Masayang ibinalita ng Imus City Emmanuel Maliksi na inaprubahan na ng Research Institute for Tropical Medicine (RITM-DOH) ang Ospital ng Imus upang magkapagsagawa ng pooled testing para sa COVID-19

Ang pooled testing ay sabayang pagsusuri ng mga samples mula sa iba't-ibang tao mula sa iisang grupo o samahan.

Sa kadahilanang ito, inaasahan ni Maliksi na mas mapapabilis at mas mapapalawak ang mass testing na plano ng kanilang lokal na pamahalaan para sa mga mamamayan ng Imus.

"Patuloy ang pagpapaunlad natin ng mg inisyatibong katulad nito, na bahagi ng pagtugon ng ating administrasyon sa paglobo ng mga kaso ng COVID-19 sa lungsod," ani Maliksi.




## DO YOU KNOW ?

*In Thailand as well as in the Philippines, it is taboo to touch another in the head unless you are accepted as an elder or superior.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY

Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**